



VX

Hawaii State Department of Health

www.hawaii.gov/doh

Para sa karagdagang impormasyon o pagsangguni
tumawag sa 2-1-1

Ano ang VX?

Ang VX ay isang uri ng lason. Ito ay walang amoy at walang lasa ngunit malangis na likita na may kulay manilaw-nilaw at mabagal na sumingaw. Pagkatapos ito iisprey sa hangin, ito ay babagsak at lalagi sa lupa o anumang nakalantad na mga lugar. Ang VX ay isang mapanganib na likido, ngunit sa mainit na temperatura, ito ay maaaring maging maliliit na singaw (gas).

Ang VX ay hindi karaniwang nakikita sa kapaligiran. It ay kemikal na gawa ng tao at ginagamit bilang santada sa digmaan.

Ano ang mga palatandaan ng pagkalantad sa VX?

Ang maliit o katamtamang dosis ng VX ay maaaring magdulot ng ilan o lahat ng mga palatandaan sa loob lamang ng ilang segundo pagkatapos malantad ng VX gas o sa ilang minuto hanggang 18 oras pagkatapos malantad sa likidong VX.

- Walang tigil na pagsipon
 - Panunubig ng mga mata
 - Panliit ng mga balintataw
 - Pagsakit ng mata
 - Panlalabo ng mga mata
 - Paglalaway at walang tigil na pagpawis
 - Pagubo
 - Paninikip ng dibdib
 - Pagtatae
 - Pagsakit ng ulo
 - Pagkahilo, pagsusuka, at/o pagsakit ng sikmura
- Ang pagkalantad sa maraming dosis ng VX ay maaaring magdulot ng:
- Pagkawala ng malay
 - Kombulsyon
 - Paralisis
 - Pagtigil sa paghinga na siyang sanhi ng pagkamatay

Pagkapagod, pagkayamot, pagkanerbyos, at pagkasira ng alaala ay maaaring magtagal ng 6 na linggo pagkatapos ng pagpapagaling mula sa isang karanasan ng pagkalantad. Ang VX ay unti-unting kumakalat sa katawan. Ang epekto ng parating pagkalantad sa VX ay mapanganib.

Papaano nalalantad ang mga tao sa VX?

Tagalog

- Kapag ang VX ay ikinalat sa hangin, maaaring malantad ang mga tao sa kanilang mga balat, mata, o sa paghinga ng singaw ng VX.
- Ang mga tao ay maari ring malantad sa VX sa pamamagitan ng pagkain o paginom ng mga kontaminadong pagkain at tubig o pagdampi ng kontaminadong tubig sa balat.
- Ang VX ay nananatili sa kasuotan ng 30 minuto pagkatapos nang pagkalantad sa singaw ng VX, na siya namang sanhi ng paglantad sa ibang mga tao.
- Dahil ang VX ay mabigat kaysa sa hangin, ito ay bumababa sa mga mabababang lugar at nagdudulot ng mas maraming pagkakataong lumantad sa mga lambak o lupa.
- Ang VX ay maaaring magtagal ng ilang araw sa isang bagay na nakontaminahan nito. Sa malamig na kondisyon, ang VX ay maaaring magtagal ng ilang buwan.

Papaano malalaman kung ikaw ay nalantad sa VX?

Posibleng ikaw ay nalantad sa VX kung ikaw ay naroon noong ikinalat ang kemikal at nakararanas ng walang tigil na pagsipon, panunubig ng mata at kahirapan sa paghinga.

Ano ang dapat gawin kapag ikaw ay nalantad sa VX?

Iwanan ang lugar na kung saan ang VX ay ikinalat at humanap ng sariwang hangin. Kapag ang pagkalat nito ay sa labas, umalis kaagad at magtungo sa mas mataas na lugar. Kapag ito naman ay ikinalat sa loob, lumabas ng gusali. Alisin ang lahat ng kasuotan, at kaagad hugasan ang buong katawan ng sabon at tubig, at humanap ng saklolong medikal. Iwasan ang paghawak sa ibang tao o bagay hanggang ikaw ay seguradong malinis. Hugasan ang mata ng tubigmula 10 hanggang 15 minuto kung nararamdaman mo ang pananakit at paglabo nito. Kapag ang VX ay nalunok, HUWAG pasukahin o bigyan ng anumang maiinom.

Papaano ginagamot ang VX?

Ang paggamot sa VX ay kinabibilangan ng pag-alis kaagad ng VX sa katawan at pagbibigay ng karampatang pag-aarugang medikal sa ospital. Mayroong mga pangontra sa VX. Epektibo ang mga ito kapag ibinigay kaagad.

Saan makikita ang VX at papaano ito ginagamit?

- Hindi nakikita ang VX sa kapaligiran
- Ang natatanging kaalaman sa paggamit nito ay bilang sandata sa digmaan.

Bakit mayroong pangamba sa paggamit ng VX bilang isang sandatang ginagamit sa pagsalakay ng mga terorismo?

Tagalog

Ang VX ay isang makapangyarihang “nerve” agent o lason. Dahil ito ay walang amoy at walang lasa, mahirap makita kaagad ang pagkalantad sa mga ito hanggan sa ang unang palatandaan ay namamalas. Ang lason kagaya ng VX ay nagamit na bilang sandata noong nakalipas na digmaan. Ilang mga bansa, kasama ang Estados Unidos, ay mayroong VX sa kanilang sandatahan.

Maari bang magkasakit ang mga alagang hayop kapag nalantad sa VX?

Oo. Ang mga alagang hayop at iba pang mga hayop ay walang pangontra laban sa VX. Kung inaakala ninyong nalantad ang inyong alaga sa VX, tumawag kaagad sa inyong beterenaryo.

Ano ang mga palatandaan ng VX

Walang tigil na pagsipon
Panunubig ng mga mata
Panliit ng mga balintataw
Pagsakit ng mata
Panlalabo ng mga mata
Paglalaway at walang tigil na pagpawis
Pagubo
Paninikip ng dibdib
Pagtatae
Pagsakit ng ulo
Pagkahilo, pagsusuka, at/o pagsakit ng sikmura

Para sa karagdagang impormasyon, tawagan ang

Aloha United Way

2-1-1

www.hawaii.gov/doh

o www.cdc.gov

Ang Kagawaran ng Kalusugan ay naglalayong mabigyan ng pagkakataong ang lahat na walang pagkiling sa lahi, kulay, o bansang pinanggalingan (kabiliang dito ang wika), gulang, seks, relihiyon, o kapansan sa kanilang mga programa at aktibidades.

Sumulat o tumawag sa Affirmative Action Officer sa P.O. Box 3378, Honolulu, HI 96801-3378 o magiwan ng mensahe sa (808) 586-4616 sa loob ng 180 araw ng suliranin.